



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-29 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 21 AGOSTO 2000, IKA-9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG DANGAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr. - Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Batcos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Baulista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 04
Taong 2000

ORDINANSANG NAGTATAKDA, NAGLILIMITA AT NAGSASAAYOS
NG PAGGAMIT / PAGLALARO NG MGA COMPUTER GAMES SA
BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

SEKSYON I. Mga gawaing itinakda:

Ipinagbabawal sa sinumang tao ang pagbubukas sa publiko ng mga computer games kung walang kaukulang permiso mula sa Tanggapan ng Punong Bayan at ng pagbabayad ng kaukulang bayarin ukol dito ayon sa umiiral na ordinansang pambuwisan.

SEKSYON II. Kahulugan ng mga Katawagan Ayon sa Pagkakagamit sa Ordinansang ito:

- Computer – karaniwang isang gamit na elektroniko para sa pagtitipon at pagpoproseso ng mga data ayon sa mga instruksyong nakalagay dito sa iba't ibang porma.
- Computer games – alinmang uri ng larong nilalaro sa computer. Maaaring ito ay family computer, play station machine, dance revolution machine at iba pang kauri nito na binabayaran ang paglalaro.

SEKSYON III. Mga Alituntunin at Patakaran:

- a) Hindi maaaring gamitin para okupahan, paupahan o iparenta sa pagpapalaro ng mga computer games ang alinmang istablisimiyento, pribado man o pampublikong istruktura na may layong isang daang metro (100 m.) mula sa alinmang paaralan o institusyong pang-edukasyon.
- b) Walang estudyanteng mula sa pribado o pampublikong paaralan ang tatanggapin sa loob ng istablisimiyentong may palaro ng computer games sa mga oras ng klase.
- c) Hindi pahihintulutan ng opereytor ng computer games ang pagpapusta o pagtataya na isasagawa ng mga maglalaro o iba pang tao sa loob ng istablisimiyento.
- d) Maaaring magpalabas ang Tanggapan ng Punong Bayan ng iba pang mga patakaran at alituntunin na hindi kasalungat dito para sa lalong ikabubuti ng pagpapatupad ng Ordinansang ito.

SEKSYON IV. Penalidad

Anumang paglabag sa mga probisyon ng ^{ordinansang} ito ay parurusahan ng multang di hihigit sa Dalawang Libo't Limandaang Piso (P2,500.00) o pagkakakulong na di hihigit sa anim (6) na buwan o multa at pagkakakulong ayon sa itatakda ng hukuman.


SEKSYON V. Pagkakabisa

Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.


Pinagtibay ngayong Agosto 21, 2000 sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat.

Pinagtibay : 21 Agosto 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/